

*ULAT NI BRO
Talumpati ng KGG. FAUSTINO G. DY III
Ika-30 ng Agosto 2012
Gov. Faustino N. Dy Session Hall, Provincial Capitol
Ilagan, Isabela*

ULAT NI BRO

(Acknowledgment/greetings— SEPARATE PAGE)

I. VISION FOR ISABELA

My fellow Isabeleños, today we mark the third year of my public service as Governor of the Province of Isabela, with our able and beloved Vice Governor, Rodito Albano. With gratitude and renewed sense of hope, we take this opportune moment to recall the realization of this Administration's **VISION**, expressed in the different programs that were DOABLE and GENUINELY BENEFICIAL to all Isabeleños.

Naaalala ko rin ang sinabi ng ating Mahal na Obispo, His Eminence Gaudencio Cardinal Rosales, ang Archbishop ng Manila: **A Leader who leads without vision, commits great treason...** o ang Pinunong naglilingkod ng walang pananaw at patutunguhan, ay nagtataksil sa kanyang pinaglilingkurang bayan.

Vision has become the guiding force and inspiration that fuels your current Provincial Administration in exercising the very mandate which you, my fellow Isabeliños, have bestowed upon us, your leaders and public servants.

Today, I come to you with so much joy. Today I greet you with the same vigor of truth and service; today I come to you with a firm conviction that everything is possible when there is unity and collaboration. Today I stand in front of you; to report the successful endeavors we have thus far achieved. Nakalatag na para sa inyong pagsusuri, at nakahanda na para sa inyong paghuhusga ang mga **nagawa, natapos, at natupad** na adhikain ng kasalukuyang Pamahalaang Panlalawigan.

Sa inyong pagtitiwala kami po ay inyong inihalal at pinagkalooban ng mandato na kayo ay mapaglingkuran. Sampu ng aking mga kasamahan sa paglilingkod, bitbit namin ang isang VISION o HANGARIN na gawing NUMBER 1 ang Isabela hindi lamang sa larangan ng agrikultura at hindi lamang sa Region 2.

Inako naming **MISYON** ang mai-angat ang kalagayan, mapatatag at mapabuti ang kabuhayan ng mga magsasaka, at sagipin sila sa mga pangunahin nilang suliranin. **INTENSYON** namin ang maipatupad ang Isabela Coastal Development o ang paghahanda at pagpapaunlad sa Palanan, Divilacan, Maconacon, at Dinapigue bilang tourism and investment destination. **DETERMINASYON na maibigay** sa mga kabataan ng Isabela ang pangarap nilang college education dahil karapatan nilang makinabang sa atensyon at suporta ng Provincial Government. **HANGARIN** namin ang mataas na antas ng kalusugan, at ng kapayapaan at katiwasayan para sa inyong lahat. **LAYUNIN** namin ang tugunan ang mga pangangailangang kalinga, katarungan, at pangangailangang medikal ng mga senior citizen, at mga biktima ng pang-aabuso. **KATUPARAN** ng pangarap namin ang mahusay na sistema ng kahandaan at malakas na kapasidad ng Isabela laban sa epekto ng Climate Change, natural disasters, at calamities. **PINAGSUMIKAPAN** namin ng inyong mga lingkod noon pa man, ang ihanda ang minamahal nating Isabela na tumugon sa pagdagsa ng maraming oportunidad na magbibigay ng trabaho, negosyo, at karangalan para sa lalawigan.

Noong panahon ng kampanya ay nangako kaming bubuksan ang tinatawag nating “new frontier” o Isabela Coastal Region. Kamakailan ay lumabas na po ang Environmental Compliance Certificate o **ECC** na naghuhudyat na maari nang umpisahan ang Ilagan-Divilacan Road na magpapabilis ng paghatid ng public service at maglalapit sa atin sa mga kapatid natin sa coastal municipalities. Binubuo na rin natin ang isang oversight committee na titingin sa maayos na implementasyon ng proyekto at sisiguro sa tamang pag-gamit ng pondo para dito. Gamit na rin po ng mga mamamayan ng coastal municipalities ang dalawang patrol rescue boats na nagsisilbing bantay dagat at taga-paghatid ng mga gamit at mamamayan

Sa paghahangad naming mas maramdaman at mas mapalapit ang taong-bayan sa kanilang Pamahalaan, ipinadama natin na bukas ang Kapitolyo para sa lahat sa pamamagitan ng pagpapaigting at pagpapabilis ng serbisyo-publiko.

Kasabay nito ang pangakong aming binitawan na pabubuksan natin ang mga pinasarang Ospital ng nakalipas na Administrasyon, nais ko pong iulat sa inyo na hindi lamang bukas and mga ospital na ito, bagkus sila ay may sapat na mga gamit, gamot, at higit sa lahat, maraming duktor na handang magbigay ng *de kalidad* na serbisyo medical.

Sa larangan ng edukasyon, ... mas pinalawak natin ang Provincial Scholarship Program na noon ay 568 lamang ang mga scholars, ngunit sa kasalukuyan ay naitaas na natin at umaabot na sa 14,000 scholars. Ang ibig lamang sabihin nito ay walang tinanggihan, at buong-pusong ipinagkaloob natin ito para sa kinabukasan ng ating mga kapus-palad na kabataan.

Sa larangan ng Agrikultura, ... Binago natin ang schedule ng planting season at ngayon ay inaasahan natin na limang beses na tayong aani sa loob ng dalawang taon. **Ang imposible noon ay naging possible ngayon dahil sa matibay at epektibong pangangasiwa ng ating pamahalaan at sa inyong taos-pusong pakikiisa sa natatanging adhikaing ito.**

Nuong nakaraang kampanya, maraming nagtanong at nakapuna sa maraming kawalan at kakulangan sa ating prubinsya. Gaya ng kakulangan ng mga bagong gusaling pampaaralan, kakulangan ng mga gamot sa ospital, kulang na suporta sa pangangailangan ng ating mga magsasaka, kulang na ayuda sa gawain sa mga barangay. Namulat ang aming mga mata sa mga katotohanang ito na maaaring pumigil sa mas mabilis na pag-unlad ng ating prubinsya. Kaya nang kami ay inyong naihalal bilang inyong bagong lingkod-panlalawigan, kami ay nanindigan na sa aming panunungkulan ay gagamitin natin ng mahusay at tama ang perang nakalaan para sa ating prubinsya, pera na para sa ikauunlad ng taong-bayan sa ating lalawigan. Sa pamamagitan ng iba't-ibang uri ng makabuluhang programa at proyekto gaya ng:

- 1) Rehabilitasyon at repair ng pinabayaang Provincial at district hospitals

- 2) Pagkuha ng mga serbisyo ng mga espesyalistang doctor at mga makabagong kagamitan
- 3) Pagdagdag ng provincial scholars at pagbibigay ng college scholarships at pagtupad sa aming pangakong isang iskolar sa bawat pamilyang nagsasaka
- 4) pagbibigay ng taunang 100,000 sa lahat ng 1,018 barangays
- 5) pagdagdag ng P2.00 na dating 50 sentimo lamang na ayuda nakaraang Administrasyon sa mga magsasaka para sa presyo ng palay at mais
- 6) pagpapautang ng walang interes sa mga Isabeleñong nangangailangan ng kabuhayan, at pagbibigay ng napakaraming benepisyo sa Small Farmers, kasama na ang libreng Philhealth, SSS, at accident coverage
- 7) pagtapos ng construction ng Women and Children's Protection Center, at repair at renovation ng Senior Citizens' Center, at tahanan ng mga kababaihan at kabataang naging biktima ng karahasan
- 8) pagsulong at pagsuporta sa lahat ng mga programang pangkalusugan na hindi ginastusan ng dating Administrasyon
- 9) pagtustos sa lahat ng environment projects at programs para sa conservation at protection ng ating natural environment
- 10) pagbuhos ng suporta sa ating fisheries sector, vegetable growers, poultry at livestock raisers, at sa pagpapalakas ng ating mga bagong industriya
- 11) at sa napakaraming makabuluhang **initiative** natin na magpapanatili sa kaayusan, katiwasayan, at kaunlaran ng ating lalawigan.

Ang inyo pong Lingkod, kasama ng ating Vice Governor Rodito Albano at buong Sangguniang Panlalawigan ay nagsumikap na tupdin ang mga pangakong aming binitawan. We have persevered to prove to you that your government is WORKING – that this government is not only a government of words.. but of words and meaningful action... na ang tunay na pamamahala ay HINDI LAMANG SALITA kundi may kaakibat na paggawa.

Nakabukas po ang mga dokumento, at nakapaskil sa mismong lobby ng ating Kapitolyo, para sa inyong impormasyon kung paano ginastos o ginamit ang pondo ng ating lalawigan. Ang pondong ito ay hindi dapat itago o ipunin, bagkus ay dapat ilaan sa mga makabuluhang proyekto na mag-aangat sa antas ng pamumuhay ng bawat Isabeleño.

May balak pa rin tayong umutang ng mahigit 2 Billion Pesos para gamitin sa modernisasyon, computerization ng ating mga tanggapan, at pagbili ng mas marami pang kagamitan para sa ating mga hospital, infrastructure projects, pagbili ng mga heavy equipment para ibigay sa mga LGU upang agarang maiayos ang mga daan, at sa pagpapagawa ng mas maraming farm-to-market roads, at drying facilities. Nawa'y mas mapalawig pa ng mga initiative na ito ang pagsulong ng ating probinsya sa mas maganda at masaganang pamumuhay.

As a province, we have gone through a lot of difficulties. After Super typhoon JUAN of 2010, many provinces did not expect us to recover in a year. As if that was not enough, two major typhoons, heavy rains, and flooding incidents have threatened to paralyze our agriculture and fisheries sectors in the past 12 months..... but with the help of our Almighty God, and the unwavering faith and resilience of Isabeleños, we have turned our difficulties into possibilities, and our crisis moments have become defining moments for us all.

We are here now,and we are not merely standing, but **STANDING TALL**. We did not only recover;we **MOVED PRODUCTIVELY ON**, and now we are bolder, more confident, and happier as a people --- **AND THIS**, my beloved fellow Isabeleños, **IS THE PICTURE** of the Province of Isabela today.

II. STILL NUMBER 1

Bagama't magkasunod na dalawang malalakas na bagyong "Pedring" at Quiel" ang nanalanta sa Isabela noong bago magtapos ang 2011, hindi nagpatalo ang Queen Province of the Philippines. Binaha ang ating mga bahay at bukid subalit hindi ang ating katatagan.

Ang mabilis na pagbangon ng mga kabuhayan, industriya at kalakal dahil sa tibay ng lahing Isabeliño ay nagdulot ng karangalan sa Isabela bilang prubinsya na Numero Uno sa Local Revenue Collection noong 2011 at prubinsyang may Highest Collection Efficiency sa buong Region 2.

Napanatili rin natin ang pagiging Number 1 sa rice and corn production kung kaya't ang Isabela ay pinagkalooban ng *Regional Gawad Saka Award*. Tumaas ng 3.2% ang rice production natin kumpara sa nakalipas na isang taon. Tayo ang nag-iisang prubinsya sa Region 2 na nakapasok sa Top Ten Provinces na may pinakamalalaking produksyon ng rice and corn.

Nagawa nating maging topnotcher pa rin sa agriculture dahil halos 60 Million Pesos na halaga ng **Palay and Hybrid Corn Seed Assistance** ang ibinigay natin sa mahigit 60,000 magsasakang biktima ng dalawang bagyo. Mahigit 20 Million ding halaga ng seedlings at materyales ang pinagkaloob natin sa mga nagtatanim ng **high-value crops** na gulay, prutas, at kape, at para sa mga operasyon ng mga nursery, greenhouse, at food terminals... at libo-libong magsasaka at daan-daang paaralan at institusyon sa iba't-ibang LGUs ang nakinabang dito. Tinulungan din natin ang mahigit dalawang libong rice and corn farmers na makakuha ng magandang presyo sa kanilang produkto sa ilalim ng ating **Marketing Assistance Program**.

Napagawan natin ang ating mga magsasaka sa iba't-ibang bayan ng **303 multi-purpose drying pavements sa halagang mahigit P37 Million Pesos, 22 palay sheds sa halagang P4.4Million Pesos, at mahigit 35 kilometers na farm-to-market roads** kung saan tayo ay may **P47 Million Pesos** na counterpart para sa mga bayan ng Cabatuan, Aurora, Roxas, Quirino, San Manuel, at Reina Mercedes. Nakatulong sa ating pagiging Number 1 ang pagbibigay natin ng mga **12-ton capacity mobile flash dryers na nagkakahalaga ng mahigit P16 Million Pesos** sa limang rice-producing municipalities.

Dahil sa mga post-harvest facilities na ito ay nabawasan ang mga nasisira at nasasayang na palay at mais. Natutuwa rin po akong ibalita sa inyo ang 22 Milyong Dolyar na pondo mula sa Korean International Cooperation Agency o KOICA.. para sa iba't-ibang infrastructure projects dito sa Isabela. Natitiyak ko na ang mga bagong infrastructure na ito ay lalong magpapatibay ng ekonomiya ng Isabela.

We went all out in implementing **small-scale irrigation projects** to irrigate hundreds of new rice areas and benefit hundreds of farmers through the spring-to-tank-to production area water-impounding projects. Napakalaking bagay po ito sa pagpapatatag ng ating estado bilang biggest surplus rice producer.

We provided our **Fisheries Sector the financial support it needed** in the last 12 months. From July to December 2011 alone, more than 2,000 fishing folks and members of women's organizations have benefitted from the dispersal of8 MILLION fingerlings, conduct of trainings in fishpond and cage construction and design, water and fish quality management, and technology demonstrations in fish and prawn culture. Kasama natin ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources o BFAR, na namahagi ng mga isang milyong halaga ng Fish Cages sa 21 municipalities para naman sa kabuhayan ng mga mangingisda. Namigay din po tayo ng mga banka at kagamitan sa pangangisda, at mga post-harvest facilities din tulad ng smokehouses at freezers.

We are also rehabilitating and transforming the San Pablo Fish Farm into a show window of aquaculture technology. Backyard, Semi-commercial, and commercial fishponds equivalent to **150 hectares** of land, and more than 700 cooperators have benefitted from **extension and technology support services** that we funded. May ipinagkaloob din tayong **INSURANCE sa HALOS ISANG LIBO nating mga mangingisda** para naman sa kanilang proteksyon sa panahon ng kalamidad.

Masigla na ang ating animal industry. Halos dalawang libong farmer-raisers ang nakatanggap ng mga produkto, training at serbisyo sa ating mga programang swine development, goat development, beef and cattle development, poultry at dairy programs. Bukas ay bubuksan natin sa Cauayan ang bagong veterinary facility para sa pangongolekta ng semilya ng baboy upang mapalawak ang ating swine backyard raising.

Out of our Economic Development Fund, we provided 5 Million funding for the establishment of 4 milking barns in San Agustin, Isabela, also because this municipality is gearing up to become the Dairy Capital of Region 2.

III. A PIONEERING LGU

In February this year, we made history by becoming the **first and only LGU to hold a Climate Change Summit on Flood Control**. Isabela po ang kauna-unahang prubinsya na nakaisip pulungin ang mga mga eksperto sa taya ng panahon, patubig at dam operations, at mga pamamaraang may pakinabang, para tukuyin ang mga suliraning kaagapay ng nagbabagong klima ng daigdig, at ang mga tamang pagkilos at hakbang na kinailangang isagawa sa panahon ng kalamidad.

We created through Executive Order No. 4, the Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council or **PDRRMC and thereafter ordered the establishment of the PDRRM Office**. Ito ang upisinang magtatakda ng ating pagkilos at pagsasagawa ng mga plano at proyekto, at titiyak na ang lahat ng pagkilos sa panahon ng sakuna at panganib ay sistematiko at may layuning protektahan ang mga mamamayan ng Isabela.

Fellow Isabeleños, the Dy-Albano Administration knows only too well the sufferings of our beloved **Small Farmers**, in fair or foul weather.

We have **103,000 Small Farmers and they tend more than 83,000 hectares of farm land devoted to rice and corn**. Sila ang mga marginalized farmers na nagsasaka ng isang ektarya pababa.. na dumaranas ng ibayong hirap dahil sa tindi ng init at perwisyong dulot ng ulan, baha at mababang presyo. Ganoon na lamang po ang ating pagmamalasakit kung kayat inilunsad natin ang isang **BRO program para sa ating Small Farmers**.

Because of this, we have become the **FIRST & ONLY PROVINCE IN THE PHILIPPINES...** na nagpatupad ng pinakamarami at pinakamalawak na mga benepisyo para sa agrikultura, para sa Small Farmers at farmworkers. Salamat sa Sangguniang Panlalawigan at kay Vice Gov Rodito, pinayagan po ang ating request na maglagay ng P200 Million Pesos para makumpleto ang ating BRO Program for Small Farmers. This **PACKAGE OF 9 BENEFITS** was launched in the 2nd Farmers' Congress last February. It is what we continue to deliver to small farmers every time we visit municipalities to hold the municipal leg of the **FARMERS' CONGRESS**.

Ang aking pagbisita sa ating mga kababayang magsasaka ay nagmulat pa sa akin sa malaking suportang kailangang maibigay sa ating mga magsasaka. Halos naikot na namin ang lahat ng municipalities at matatapos na po natin ang Farmers' Congress. Hangarin po ng inyong abang-lingkod na ipagpatuloy at mas pag-ibayuhin pa ang Farmers Congress upang mas matugunan pa natin ang mga makabagong hamon sa pagsasaka at agrikultura.

Ang unang benepisyo sa BRO Program for Small Farmers ay **BRO-Livelihood Assistance for Marginalized Farmers Program o BRO-LAMFP...** kung saan magpapautang ng tatlo hanggang apat na libong piso sa marginalized farmers para sa increased productivity maging tag-ulan man o tagtuyot.

Kung ang isang ektaryang sinasaka ay may production na 120 palay cavans o higit pa, o kaya naman ay 100 corn cavans o higit pa,.....HINDI NA PO nila kailangang bayaran ang utang mula sa ating lalawigan. Sa huling bilang, may 2,000 ng mga magsasaka ang nabigyan ng mga livelihood loans.

Ikalawang benepisyo ang.. **BRO-ASAP o Ayuda sa Presyo** kung saan dinadagdagan ng ating Provincial Government ng hanggang 2.00 piso ang presyo ng pagbili ng NFA sa palay at mais ng ating mga Small Farmers upang sila naman ay ganahan sa pagsasaka at may dagdag na kita sa kanilang ani. May 2,500 rice and corn farmers na ang nakinabang dito.

Ikatlong benepisyo ang.. **BRO-PPP o Pantawid Pamasahang Program** Ganado ang ating mga magsasaka dahil sa 50 sentimos na bigay ng Provincial Government sa bawat isang kilo ng rice o corn na ibibiyaha nila. Sa ngayon ay may 4,431 nang small farmers ang sumailalim sa program component na ito.

Ika-apat na benepisyo ang ... **BRO-Paneguro sa Pananim Program o BRO-PSP** which is our continuing free Crop Insurance program. Mayroon nang 17,166 hectares ang insured at mahigit sampung libo nito ay rice farms. As of July 15 po ay 22, 099 na ang bilang ng mga regular at small farmers na nakapag-enrol ng kanilang bukirin at makakabawi sa pagkalugi bunga ng bagyo, lindol, at mga epekto ng Climate Change sa kanilang pananim. Muli, ang ating pasasalamat sa suporta at tiwala ng ating Vice Gov Rodito Albano at ng buong Sangguniang Panlalawigan.

Ika-limang benepisyo ang.. **BRO-EDUCATION** o college scholarship para sa mga anak ng small farmers. Dahil pangarap ng bawat small farmer ang magkaroon ng kahit isang anak na college graduate, binigyan natin ang kanilang mga anak ng awtomatikong pwesto sa listahan ng tatanggap ng College Scholarship.

Ang programang ito para sa provincial scholarship ay noon pang 2010 ipinatupad pero dahil sa espesyal nating pagtingin at malasakit sa Small Farmers, pinalawak natin ito para awtomatiko nating maisali ang kanilang mga anak at makabawas-bawas sa mga gastusin nila sa kanilang pamilya.

Sa ngayon ay mayroon nang 6,717 na mga anak ng Small Farmers ang iskolar ng Provincial Government kasama sa halos 14,000 na iskolar ng lalawigan. Ang pagpapatupad natin ng policy na ONE SCHOLAR PER FARMING FAMILY ay isang komitment na palalakasin pa natin sa mga darating na panahon.

Ika-anim na benepisyo ang... **BRO-HEALTHCARE** o ang libreng pagpapagamot at libreng serbisyo mula sa mga espesyalistang doctor. Ibinalik ng Dy-Albano Administration ang libreng Healthcare para sa lahat. Hindi po matitiis ng Provincial Government na pasanin na lamang ninyo ang gastusin sa pagpapaospital gayong pwede naman nating gawan ito ng paraan.

At sa awtomatikong pagpapa-miyembro natin ng Small Farmers sa BRO-Healthcare, maipaparamdam natin sa ating mga small farmers ang kalinga na nararapat lamang naman..... dahil sa kanilang mga kontribusyon sa ating ekonomiya. Ikatutuwa ninyo na malaman na 7,910 na ngayon ang ating miyembrong small farmers sa BRO-HEALTHCARE.. at halos 120,000 na po sa kabuuan ang rehistradong miyembro ng ating PROVINCIAL HEALTHCARE PROGRAM.

Ikapitong benepisyong ang ... Philhealth o **BRO- PHM**. Napakahalagang maging Philhealth member ang mga Small Farmers dahil malaking kabawasan sa kanilang alalahanin at gastusin ang sasagutin ng Philhealth sa kanilang mga gamot at pagpapaospital, at pagpapatingin sa mga espesyalista. Katulad ng ibang Philhealth members, sila rin ay maaaring makakuha ng reimbursement. Ang kumbinasyong paggamit ng Philhealth at Provincial Healthcare ay magreresulta sa ZERO BILLING o libreng pagpapagamot ng Small Farmers at ng kanilang pamilya.

Ika-walong benepisyong ang **BRO-PNB PARA SA MAGSASAKA**. Insurance ito upang sa panahon ng mga aksidente o pagkamatay ay mapagkalooban ng benepisyong ang Small Farmers. Hindi sila maiiwanan na kaawa-awa, pati na ang kanilang mga pamilya. 50,000 pesos ang maaring matanggap na insurance benefit mula rito. As of August 6, we have enrolled 20,788 small farmers and their sons and daughters in the BRO-PNBM.

Ika-siyam na benepisyong ang.. **BRO-SSSM or Social Security Coverage** which provides for emergency financial assistance, sickness compensation and reimbursement, livelihood assistance, and retirement benefit. Kami na po sa Provincial Government ang bahala sa monthly contribution o premium at pagpapalista na lamang po ang kinakailangang gawin ng small farmers dahil nais namin na pagkaraan ninyong magbanat ng buto ng ilang dekada, pagdating ng araw kayo naman ay maghihintay na lamang ng inyong pension habang nakaupo sa inyong butaka.

Patunay po ito ng aming makatotohanan at sinserong intensyon na maipatikim sa ating mga magsasaka ang biyayang nararapat bilang Isabeliñong kapartner natin sa pagsulong ng ekonomiya. I am pleased to report that as of last count, we have 4,228 small farmers enrolled in SSS. Maraming Salamat po sa inyong tiwala sa ating mga programa sa agrikultura.

IV. HARDLINE ON HEALTH

Napakahalaga ng kalusugan para sa mga Isebeleño. Itinuturing na health priority ng ating Administrasyon ang pangalagaan ang mga maysakit, pagaanin ang bigat ng pagpapaospital at pagpapatingin sa mga espesyalistang doctor --- iyan po ang health priority ng Dy-Albano Administration. At sa nakaraang 12 months ng aming panunungkulan, maipagmamalaki natin na lalong naging agresibo tayo sa pagtaguyod ng public health sa Isabela.

✓ Mas dumami pa at umabot na sa 119,901 ang mga kababayan nating nagpa-miyembro sa Provincial **Healthcare** mula ng ilunsad natin ito taong 2010. Sa mga hindi pa nakakaalam, ito ang Provincial Health Insurance natin sa Isabela na unang ipinatupad ng dating gobernador, ngunit itinigil noong nakaraang administrasyon. 85 na po ang bilang ng espesyalistang doctor ng Provincial Government para sa Healthcare program at on call po sila para sa libreng serbisyo sa inyo sa provincial at district hospitals. May 61 dialysis patients at 6 chemotherapy patients and ngayon ay sinasagot ng ating Healthcare. Sa GFND Memorial Hospital lamang ay mahigit sampung milyong piso ang ginugol ng Provincial Government para sa gumamit ng kanilang Healthcare cards sa kanilang hospitalization, laboratory tests, at pagpapatingin sa mga espesyalita. Sa kabuuan ay mahigit 22 Million Pesos na ang sinagot na gastusin ng Healthcare.

Naniniwala po kasi tayo na karapat-dapat ang mga Isabeleño sa benepisyong libreng pagpapagamot kayat ibinalik natin ito noong tayo ay maupo. Nakita naman po natin ang kahalagahan ng programang ito sa ating mga Isabeleño.

- ✓ Napalakas pa natin ang ating **hospital system** dahil sa pinagandang pasilidad at pinahusay na mga manggagawa natin. Halos triple na ang pasyente sa GFND kumpara nuong nakaraang administrasyon. mahigit 20,000 katao ang napagsilbihan bilang in-patient, 50,000 out-patients at mahigit 40,000 emergency cases. May mga itinatag tayong permanenteng Animal Bite Centers sa GFND at apat na district hospitals sa Cabagan, Echague, Roxas, at Cauayan City, sa San mariano at Palanan, at may trained personnel at gamot tayo para sa rabies at iba pang sakit bunga ng mga kagat ng hayop. Mayroon na ring kapasidad ang ating mga ospital para sa Dengue Fever Treatment, kasama na ang matatag na supply ng dugo at gamot, kung kaya't hindi na kailangan dalhin pa sa mga pribadong ospital ang ating mga pasyente.
- ✓ Speaking of Dengue Fever, nanatiling kontrolado ang bilang ng nagkakasakit ng **Dengue** sa nagdaang taon. Malaking bagay sa pagpapalaganap ng kaalaman sa Dengue ang pagtalaga ng ISABELA DENGUE DAY tuwing June 15 ng kada taon para sa ating ZERO Dengue Campaign at paglilinis na umaabot sa mga paaralan at kalapit na lugar.

Bumili tayo ng mahigit tatlong milyong pisong halaga ng Mousticide Biolarvicides na siyang makabago at mabisang gamit ngayon sa pagpuksa ng Dengue Mosquitos. Iniikot po ito ng ating mga kasamahan sa hospital at DOH sa lahat ng sulok ng Isabela. Maraming salamat sa mga nakapartner natin dito.

- ✓ Lahat ng Barangay **Nutrition Scholars at Barangay Health Workers** ng Isabela ay pinagkalooban na natin ng Provincial Healthcare Cards, bilang sukli sa kanilang taos-pusong paglilingkod sa prubinsya bilang mga volunteers.
- ✓ Mula sa pagkokontrol, ang Isabela ngayon ay patungo na sa pre-elimination o tuluyang pagwawaksi sa sakit na **MALARIA**. Puspusan ang naging pagpapatupad sa mga alituntunin ng ating anti-malaria campaign, pamamahagi ng kulambo na may gamot, at training sa health personnel, salamat sa ating Provincial Health Office.
- ✓ Malaki na ang nabawas sa paglaganap ng mga epidemya at mga sakit na naikakalat sa pamamagitan ng mga daga at insekto dahil naging agresibo tayo sa pag-iimbestiga at pamamahala, at paghahatid ng mga basic **sanitation services** sa mga pampublikong lugar at pagbibigay ng mga kagamitan para sa malinis na tubig, pagkain, solid waste management, at sa kapaligiran lalo na sa panahon ng kalamidad.

V. OTHER SECTORS

Ikinatutuwa kong ibalita sa inyong mga may kamag-anak na OFW, na naglabas po tayo ng Executive Order Number 11 para maging isang SECTION sa Office of the Governor ang dati ay **Migrants** Desk lamang para sa ating mga OFW. May sariling abogado na rin po ang tanggapan na ito na siyang umasikaso sa may halos dalawang daan na kaso ng mga OFW sa nagdaang taon.

Ito ay dahil gusto nating palakasin ang mekanismo na siyang didinig sa mga problema ng mga Isabeliñong OFW tungkol sa poor working conditions, hindi pagpapasweldo, harassment, pang-aabuso, pagpapa-uwi sa mga labi ng ating mga hindi pinalad na kababayan sa ibang bansa.

15 Million Pesos was provided for books now used by 29,000 children enrolled in our **Daycare schools**, with the help of our partner, SN Aboitiz. Ang ating 1,113 **Day Care workers** ay pinagkalooban natin ng Healthcare benefits. Nag-supplementary feeding tayo sa mga pinaka-underweight na batang may edad lima pababa sa sampung bayan na may pinakamababang antas ng tamang nutrition. Sa labintatlong bayan ay nagdaos tayo, kasama ng TESDA at Freemason, ng food processing training sa mga kababaihan at binigyan natin sila ng tig-isang libo bilang panimula sa kanilang sariling food business.

Wheelchairs for our brothers and sisters with disabilities; therapeutic machines and skills training for **Senior Citizens**; and cash incentives amounting to P130,000 were awarded to 13 Senior Citizens during the celebration of the week for the elderly --- opo, sa lahat ng Isabeleño ay dapat nakasuporta ang Kapitolyo.

Sobra sa 15 Million pesos ang ginugol natin para sa mga biktima ng anim na bagyo at pagbahang naranasan mula June 2011 hanggang July sa taong ito; lagpas 40 Million pesos naman sa mga kababayan nating nasa krisis tulad ng pagkakasakit, pangangailang ng dugo, operasyon, tulong-panlibing, at iba pang emergency. 785 **core shelters** were built last year in 9 municipalities strongly hit by Typhoon Juan.

Kulang- kulang 20 million Pesos ang galing sa upisina ni Vice President Binay at National Housing Authority para mabigyang bubong ang mga kabahayang sinalanta ng bagyong juan. From January to June this year, 734 more are being constructed for families rendered homeless by typhoons Pedring and Quiel. Our **Lingap Center** has been accredited by the DSWD for providing excellent residential facilities for neglected and abused children.

Ang ating **Women and Children Protection Center** ay kinilala na ring Center of Excellence at pinuri ni Atty. Katrina Legarda ng Child Protection Unit, kamakailan dahil sa ganda ng pasilidad, organizadong pamamahala nito, at sa mga serbisyong handog sa mga pinatira nating kababaihan at kabataang naging biktima ng rape at iba pang uri ng pang-aabuso.

Tiniyak nating matatanggap ng mahigit 34,000 nating kababayan ang kanilang Conditional **Cash Transfer** o benepisyo mula sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Namahagi rin tayo sa mga kapatid nating **AGTA** ng mahigit isandaang libong pisong halaga ng educational supplies, damit, tsinelas, at iba pang kagamitan, sa patuloy nating pagyakag sa kanila upang lumahok sa mga kaganapan sa mainstream ng pamayanan. Katulad ng aking sinabi, wala pong Isabeleño ang dapat mapag-iwanan sa pagkilos ng administrasyong Dy-Albano.

Nagbunga na rin po ang suportang ibinigay ng Dy-Albano administration sa ating **kapulisan**. Bumaba sa bilang na 1,660 sa nakaraang taon ang bilang ng krimen sa ating lalawigan, kumpara sa 2,243 mula July 2010 hanggang June 2011. Bumaba ang mga kaso ng homicide, physical injuries, rape, robbery, cattle rustling, at theft. Dumami ang naresolbang krimen. Matagumpay ang mga naging operasyon natin laban sa illegal drugs at kontra-boga. Nakapagsampa ang ating kapulisan ng 15 cases ng illegal logging at 477 Wanted Persons ang naaresto. Walong criminal gangs ang nalansag. Lahat ng ito ay patunay na tumatag ang peace and order situation sa Isabela at gumaling ang ating Isabela Police Provincial Office sa pangangasiwa ng kaligtasan ng ating mga mamamayan. Maraming salamat kay Provincial Director PSS Frank Mabanag at Major General Rommel Gomez.

Mahalagang maipakita natin na ang Isabela ay seryoso sa pagpapatatag ng peace and order. Ang ating mga abogado sa Kapitolyo ay puspusan sa pagsasampa ng mga kaso na may kinalaman sa illegal logging at iba pang krimeng kontra kalikasan, pagsasamantala sa gobyerno, pang-aabuso sa manggagawa, habang patuloy ding nagbibigay ng libreng serbisyo sa mga Isabeleño, sa ilalim ng **LEGAL AID Program** na ipinagkaloob sa mahigit tatlong daang kaso.

The past year also proved that Isabela is one of the strongest partners of the National Government in the care and protection of the environment.

Thanks to our Isabela **Environment Protection Task Force** which we created through Executive Order number 4, more than P3 Million pesos worth of illegally-cut logs were confiscated. Labimpitong pagbibiyaha ng mga kontrabando ang nasabat. Labimpitong kaso ang naisampa at isang conveyance and nai-turn over ng ating Task Force sa DENR CENRO Naguilian. Tuloy tuloy na rin ang paglago ng ating Mega Nursery para sa bamboo, coconut, at iba't-ibang fruit seedlings na pupuno sa mga pangangailangan na pananim ng ating mga kababayan upang mabawasan ang kanilang sobrang paggamit ng mga forest products para sa kanilang kabuhayan.

libo - libong bamboo seedlings ang itinanim ng ating **ENRO** sa mga tabing-ilog at creek sa mga barangay na pinangyayarihan ng mga erosion at baha bilang panlaban sa kalamidad at epekto ng Climate Change. Pinalalago natin ang ating mayamang bamboo industry dahil ito ay isa sa mga tinitingnan nating malakas na industriya sa hinaharap. Sa nalalapit na panahon, maaring maihanay na rin ang Isabela sa mga modernong bansa na gumagamit ng bamboo technology para makalikha ng rainwater harvester na magsisilbing bomba ng tubig at magbababa ng mga bayarin natin sa kuryente. We also reconstituted our Provincial Mining Board and we are strictly enforcing our NO COAL Mining policy. Tuloy ang ating Isabela Greening Program kung saan may 4,000 hectares tayong kailangang tamnan ng forest trees, habang nagsasagawa tayo ng watershed rehabilitation at reforestation. Salamat sa PENRO at sa ating Task Force.

Ipagpatuloy pa natin ang mga ito at ang mahigpit na roving activities at monitoring checkpoints.

VI. EXTRO

Hangad ng inyong Lingkod, sampu ng aking mga kaagapay sa Lingkod-Panlalawigan, na wala pong maiiwanan sa VISION na gusto naming makamit para sa Isabela.

Hindi po tayo titigil hanggat hindi lahat ng Isabeleño ay nakikinabang sa ating health insurances, sa ating malusog na kapaligiran, mayamang kalikasan, at sa mayamang ani mula sa ating husay sa agrikultura.

Sa pagkakaroon po natin ng isang bagong siyudad, ang City of Ilagan, aasahan po natin ang pagdagsa ng mga mamumuhunan at bisita, kasabay ng pagpapatatag ng katiwasayan at pagbuo ng polisiyang balanse at matatag.

Sa pangalawang taon ng aking panunungkulan bilang inyong Gobernador, nakamit ng Isabelang mahahalagang pagkilala tulad ng *Regional Gawad Saka overall champion, Top LGU in Revenue Collection, ang Seal of Good Housekeeping bilang pagsaludo ng DILG sa good governance ng ating probinsya*, at ang mataas na marka sa larangan ng *Disaster Preparedness* na kumikilala sa husay ng ating paghahanda sa panahon ng kalamidad. Kandidato rin po tayo sa *Gawad ng Pamana ng Lahi: Excellence in Governance* award ng DILG at Civil Service Commission. Tinanggap po natin ito ng may buong pusong pasasalamat at pagpapakumbaba sa ngalan ng ating pinakamamahal na probinsya.

Sa mga pagkilalang iginawad sa ating probinsiya - kayo po ay kasama ko at kayo po ang tunay na dahilan sa pagkamit nito. Ito po ay sa inyo at dapat po ninyong ipagmalaki. These awards are yours, and yours to be proud of. They are also proofs that you have a provincial government that has achieved its vision, with the welfare of every Isabeleño at the heart of its mission..... Para sa amin sa Kapitolyo, ang mga ito ay mga palatandaan ng inyong naging pakikiisa sa amin at malugod na pagtanggap sa ating mga programa.

Sa dalawang taon nating paglilingkod, ninais at pinagsumikapan naming ipadama ni Vice Governor Rodito Albano, kasama ang buong Sangguniang Panlalawigan at lahat ng Lingkod sa iba't-ibang bayan, siyudad, at barangay,... ang isang uri ng pamamahala na may tunay at **makahulugang pagmamalasakit** hindi lamang sa inyong **kabuhayan** kundi pati na rin sa inyong **kalusugan, katiwasayan**, at pagkamit ng **karunungan** at **katarungan**.

We worked hard to give you this brand of government:

- A government that is for reconciliation, rather than division;
- A government that expresses authority through Humble Service;
- A government that promotes the total development of its people through a principled leadership and the cooperation of all stakeholders;
- A government that promotes mutual respect amid differing opinions;
- A government that welcomes criticisms and dialogues to improve its service;
- A government that spells leadership as.. “SALITANG may kaakibat na paggawa” ... as the essence of good governance;
- And most especially, a government that is inspired by VISION, SERVICE, and CHARITY.

Ito ang pamamahala na nararamdaman sa ibaba, sa barangay level, sa ordinaryong mamamayan, katulad ng inadhika ng ating mahal at iginagalang na kaibigang DILG Secretary Jesse Robredo, ang Ama nating mga taga LGU. At bilang pasasalamat at pagpupugay sa kanya, nais ko po kayong anyayahan sa ilang sandal ng katahimikan at pananalangin. *(PAUSE FOR SILENT PRAYER)*

Sa pagtatapos ng aking pag-uulat na ito, HINDI SAPAT ANG MGA SALITANG MARAMING SALAMAT. Gayon pa man ay hayaan ninyong ipaabot ko ito sa inyong lahat, sa ngalan ni Vice Governor Rodito Albano at ng Sangguniang Panlalawigan. **MARAMING, MARAMING SALAMAT PO.**

- Una sa lahat, SALAMAT sa ating Mahal na Ama, para sa Kanyang pagpapala, pagmamahal, biyaya ng buhay, at sa pagkakataong Kanyang ibinigay para tayo ay makapaglingkod at patuloy na makapaglilingkod; at SALAMAT, PANGINOON, sa pagpapaalala Mo at Inspirasyon na ang tunay na kapangyarihan ay nasa wagas na paglilingkod...na ang tunay na kadakilaan ay nasa pagpapakumbaba sa harap Mo at sa Kapwa-Tao...
- Salamat sa ating mga kasamahan sa paglilingkod mula sa ating mga Congressmen sa iba't-ibang distrito, sa ating mga Mayors, Vice Mayors, at Sangguniang Bayan;
- Salamat sa ating mga minamahal na Lingkod-Barangay, mga Kapitan, kagawad, SK Chairman, mga tanod, at barangay workers;
- Salamat sa ating mga masisipag na kawani ng departamento ng Hustisya, Katarungan, Kaayusan, Agrikultura, Kalusugan, at Edukasyon;
- Salamat sa ating mga Department Heads sa Provincial Government sa kanilang suporta at mga kontribusyon sa lahat ng ating mga programa;

- Sa ating mga minamahal na kasapi sa Religious Sector, sa ating Minamahal na Obispo-Most Reverend Joseph Nacua, sampu ng ating mga kaparian, madre at seminarista. Sa Kalipunan ng mga Ministro ng Iglesia ni Kristo, mga Pastor mula sa Protestant Communities, at mga kapatid mula sa pananampalatayang Islam;
- Salamat sa ating mga masisipag na magsasaka, mangingisda, mangangalakal na mga haligi ng ating maunlad na lalawigan;
- Salamat sa ating mga minamahal na kababayan sa Isabela, mga Senior Citizens, mga magulang, mga kabataan;
- **At sa inyong lahat** na minamahal kong Isabeleños na hindi ko kayang pangalanan isa-isa,.. ako po ay taos-pusong nagpapasalamat.

PINADALI NINYO ANG AMING MISYON DAHIL SA INYONG PAKIKI-ISA. Pinawi ng inyong pagtitiwala ang aming pagod. **Ipinagkaloob ninyo sa amin** ang ibayo pang lakas para maipagpatuloy ang aming pagbuo ng pinapangarap na kaunlaran ng bawat Isabeleño. Makakaasa kayo ng patuloy naming pagsisikap. **INSPIRADO PO KAMI SA ADHIKAING PAUNLARIN ANG ISABELADAHIL KAYO PO ANG AMING PARTNER.** Samahan pa po ninyo ang inyong **BRO** sa pagpapatuloy ng pagtupad nito. **MARAMING SALAMAT AT ISANG MAGANDA AT MAPAGPALANG ARAW PO SA INYONG LAHAT!**
